# CALIFORNIA VENUES GRANT PROGRAM

Ang Programang ito ay pinopondohan ng Estado ng California at pinapangasiwaan ng CalOSBA.

## **Nais naming tulungan kayong** mapunong muli ang mga upuang iyan.

# GABAY SA PROGRAMA AT PAG-APPLY

(Nirebisa 10.28.21)

# PANGKALAHATANG-IDEYA SA PROGRAMA

Susuportahan ng California Venues Grant Program ("Program") ang **mga kwalipikado at independiyenteng venue para sa mga live event** na naapektuhan ng COVID-19 upang suportahan ang kanilang patuloy na pagpapatakbo.

Dapat may pisikal na address at pinapatakbo sa California ang mga kwalipikado at independiyenteng venue para sa mga live event, na papatunayan sa mga isinusumiteng tax return ng negosyo. Kung hindi nakatukoy ang isang address sa California sa inyong mga tax return ng negosyo, ituturing kayong hindi kwalipikado.

## PAGGAWAD NG KALOOB

Ang mga kaloob na ibinibigay sa ilalim ng Programang ito ay nasa halagang katumbas ng **kung alin ang mas mababa sa dalawang daan at limampung libong dolyares ($250,000) o 20 porsyento ng kabuuang kinita (gross earned revenue) ng aplikante** sa California para sa bubuwisang taon na 2019.

## ANG PROSESO NG PAG-APPLY

- Ang mga kwalipikadong independiyentent live event na aplikante ay **dapat magkumpleto ng bago at hiwalay na application** para sa mga kaloob na inilalaan sa ilalim ng seksyong ito kahit na nagsumite na sila ng application para sa California Small Business COVID-19 Relief Grant Program na itinatag sa California Government Code Section 12100.83.

- **Kung ang isang kwalipikadong independiyenteng live event ay nabigyan ng kaloob sa ilalim ng California Small Business COVID-19 Relief Grant Program na itinatag sa California Government Code Section 12100.83, ang halaga ng kaloob na iyon ay ibabawas mula sa halaga ng kaloob na igagawad sa ilalim ng Programang ito. Kung ang halaga ng kaloob na iginawad sa ilalim ng California Small Business COVID-19 Relief Grant Program ay mas malaki kaysa sa halagang iginawad sa ilalim ng Programang ito, ang kwalipikadong independiyenteng live event ay hindi makakatanggap ng kaloob sa ilalim ng Programang ito.**

# PANGKALAHATANG-IDEYA SA

- Ang mga kwalipikadong aplikante ay ipoproseso sa tatlong (3) yugto:
  - **Ika-1 Yugto:** Magkukumpleto ang mga aplikante ng web application sa pamamagitan ng Portal ng Lendistry sa pamamagitan ng pagbibigay ng pangunahing impormasyon at pag-upload ng mga kinakailangang piling dokumento sa pananalapi, mga dokumento sa pagkakakilanlan, at isang Sertipikasyon ng Pag-apply tungkol sa katumpakan at pagiging totoo ng impormasyong isinumite.
  - **Ika-2 Yugto:** Dadaan ang mga aplikante sa isang paunang proseso ng pagpapatunay upang malaman kung natutugunan ng negosyo ang minimum na mga kinakailangan ng programa sa pagiging kwalipikado.
  - **Ika-3 Yugto:** Ang mga napiling aplikante na tutuloy sa proseso ng pagpapatunay ay hihilinging magbigay ng karagdagang dokumentasyon.

- Magpapamahagi ang Lendistry ng mga kaloob sa ngalan ng Estado ng California sa mga napili, napatunayan, at naaprubahan na mga kwalipikadong negosyo at nonprofit.
  - Ang mga aplikanteng napili, napatunayan, at naaprubahan para sa pagpopondo ay makakatanggap ng notipikasyon sa email mula sa Lendistry na magdadala sa kanila sa Grantee Agreement (Pagsang-ayon ng Ginawaran ng Kaloob) sa dashboard ng Portal ng Lendistry. Mapipirmahan ng mga aplikanteng naaprubahan para sa pagpopondo ang kanilang Grantee Agreement sa pamamagitan ng DocuSign, isang platform para sa elektronikong pagpirma, nang hindi umaalis sa Portal ng Lendistry. Dapat ganap na nasagutan at napirmahan ang Grantee Agreement bago mailalabas ang pondo sa pamamagitan ng ACH wire transfer.
  - Sa panahon ng proseso ng pag-apply, hihilingin sa inyong i-link ang inyong business banking account sa Portal ng Lendistry gamit ang Plaid, isang ikatlong partidong kumpanya sa teknolohiya na nagpapahintulot sa aming maberipika ang impormasyon ng account mula sa inyong bangko o credit union papunta sa isang app tulad ng Portal ng Lendistry. Maaari ang mga alternatibong paraan ng pagbeberipika, kasama ang kung hindi available sa pamamagitan ng Plaid ang inyong institusyon sa pagbabangko.

# MGA KAHULUGAN: KWALIPIKADONG VENUE

Ang "***Kwalipikadong Venue***" ay nangangahulugang isang venue na may mga sumusunod na katangian:

1. Isang tukoy na espasyo para sa pagtatanghal at para sa manonood.

2. May mixing equipment, public address system, at isang lighting rig.

3. Kumukuha ng isa o higit pang indibidwal na magsagawa ng hindi bababa sa dalawa sa mga sumusunod na tungkulin:
   - Isang sound engineer.
   - Isang taga-book.
   - Isang taga-promote.
   - Isang stage manager.
   - Kawani sa seguridad.
   - Isang box office manager.

4. Para sa isang venue na pagmamay-ari o pinapatakbo ng isang nonprofit na entidad na nagpo-produce ng mga libreng event, ang mga event ay pangunahing pino-produce at pinamamahalaan ng mga bayad na empleyado, hindi ng mga boluntaryo.

# MGA KAHULUGAN: KWALIPIKADONG INDEPENDIYENTENG LIVE EVENT

Ang "***Kwalipikadong Independiyenteng Live Event***" ay nangangahulugan na isang entidad na tumutugon sa **lahat** ng sumusunod:

1. Isang sole proprietor, C-corporation, S-corporation, cooperative, limited liability company, partnership, limited partnership, o isang rehistradong 501(c)(3) nonprofit na entidad na nakakatugon sa pamantayang tinukoy sa mga subparagraph (B) hanggang (G) kasama ang paragraph (1) ng subdivision (f) ng California Government Code Section 12100.82.

2. Nagsimulang magpatakbo ng negosyo sa estado bago ng Hunyo 1, 2019.

3. Kasalukuyang aktibo at nagpapatakbo ng negosyo, o may malinaw na plano na muling magbukas kapag pinahintulutan na ng estado ang muling pagbubukas ng negosyo

4. Naapektuhan ng COVID-19 at ng mga nauugnay na paghihigpit sa kalusugan at kaligtasan, tulad ng mga pagkagambala sa negosyo o pagsasara ng negosyo dulot ng pandemyang COVID-19

5. Nagbibigay ng mga dokumento sa pag-organisa, kasama ang 2019 at 2020 na tax return ng estado at pederal o Form 990, at isang kopya ng opisyal na pag-file sa Kalihim ng Estado o sa lokal na munisipalidad, kung naaangkop, kasama ang, ngunit hindi limitado sa, Articles of Incorporation, Certificate of Organization, Fictitious Name of Registration, o Lisensya ng Negosyo na Inisyu ng Gobyerno.

6. Nagbibigay ng katanggap-tanggap na uri ng ID na may larawan na inisyu ng gobyerno.

# MGA KAHULUGAN: KWALIPIKADONG INDEPENDIYENTENG LIVE EVENT

8. Nasa anuman sa sumusunod na North American Industry Classification System code:
   - 711211: Mga Koponan at Club na Pang-sports.
   - 711310: Mga Taga-promote ng mga Pagtatanghal (Performing Arts), Sports, at mga Katulad na Event na may mga Pasilidad.
   - 711320: Mga Taga-promote ng mga Pagtatanghal (Performing Arts), Sports, at mga Katulad na Event na walang mga Pasilidad.
   - 722410: Mga Lugar ng Inuman (Mga Inuming may Alak).
   - 722511: Mga Full-Service na Restawran.

9. Ay anuman sa mga sumusunod:
   - Isang indibidwal o entidad na nakakatugon sa pareho sa mga sumusunod na pamantayan:
     - Bilang isang pangunahing aktibidad ng negosyo, nag-oorganisa, nagpo-promote, nagpo-produce, namamahala, o nagho-host ng mga live concert comedy show, panteatrong produksyon, o iba pang event ng mga performing artist sa isang kwalipikadong venue kung saan isinasagawa ang pareho sa sumusunod:
       i. Isang cover charge sa pamamagitan ng pagbebenta ng tiket, o may bayad sa pagpasok sa entrada, at
       ii. Bayad ang mga tagatanghal.
     - Hindi bababa sa 70 porsyento ng kinita ng indibidwal o entidad ay nakukuha sa pamamagitan ng mga cover charge o benta sa tiket, production fee o production reimbursement, o pagbebenta ng mga inumin, pagkain, o merchandise sa event.

# MGA KAHULUGAN: KWALIPIKADONG INDEPENDIYENTENG LIVE EVENT

- Isang indibidwal o entidad na, bilang pangunahing aktibidad ng negosyo, ay ginagawang mabibili ng publiko ang mga tiket sa mga event sa loob ng hindi bababa sa 30 araw bilang average bago ng petsa ng event, na makakatugon sa pareho sa mga sumusunod:
  - Bilang isang pangunahing aktibidad ng negosyo, nag-oorganisa, nagpo-promote, nagpo-produce, namamahala, o nagho-host ng mga live concert comedy show, panteatrong produksyon, o iba pang event ng mga performing artist sa isang kwalipikadong venue kung saan isinasagawa ang pareho sa sumusunod:
    1. Isang cover charge sa pamamagitan ng pagbebenta ng tiket, o may bayad sa pagpasok sa entrada, at
    2. Bayad ang mga tagatanghal.
  - Bayad ang mga tagatanghal sa halaga na nakabatay sa porsyento ng benta, isang garantiya na nakasulat o nasa karaniwang kontrata, o iba pang pormal na kasunduan na para sa kapakanan ng parehong partido

- Isang indibidwal o entidad na nakakatugon sa pareho sa mga sumusunod na pamantayan:
  - Bilang isang pangunahing aktibidad ng negosyo, nag-oorganisa, nagpo-promote, nagpo-produce, namamahala, o nagho-host ng mga live sporting event sa isang kwalipikadong venue kung saan isinasagawa ang pareho:
    1. Isang cover charge sa pamamagitan ng pagbebenta ng tiket o may bayad sa pagpasok sa entrada
    2. Bayad ang mga tagatanghal.
  - Hindi bababa sa 70 porsyento ng kinita ng indibidwal o entidad ay nakukuha sa pamamagitan ng mga cover charge o benta sa tiket, production fee o production reimbursement, o pagbebenta ng mga inumin, pagkain, o merchandise sa event.
  - Ang indibidwal o entidad ay hindi isang major league o propesyonal na koponan o club pang-sports **at** hindi pagmamay-ari ng isang major league o propesyonal na koponan o club pang-sports.

# MGA HINDI KWALIPIKADONG NEGOSYO

Sa kabila ng nakasaad sa naunang apat na pahina, **hindi kabilang** sa "kwalipikadong independiyenteng live event" ang mga entidad na nakakatugon sa alinman sa mga sumusunod:

- Isang publicly traded na korporasyon, o majority ay pagmamay-ari at kontrolado ng isang publicly traded na korporasyon.
- Nagmamay-ari o nagpapatakbo ng mga entidad sa higit sa limang estado o sa ibang bansa, o pagmamay-ari ng isang entidad na nagmamay-ari o nagpapatakbo ng mga entidad sa higit sa limang estado o sa ibang bansa.
- Mas mababa sa 75 porsyento ng kabuuang kita ang nagmumula sa California.
- Nagpapakita ng pagbaba ng porsyento ng kabuuang kita (percentage gross earned revenue) sa California na wala pang 70 porsyento, batay sa panahon ng pag-uulat na nagkukumpara sa Q2, Q3, at Q4 ng 2020, at Q2, Q3, at Q4 ng 2019.

- Ay isa sa mga sumusunod na hindi kabilang na entidad:
  - i. Mga negosyong walang pisikal na presensya sa estado at ang punong-tanggapan ay hindi matatagpuan sa estado.
  - ii. Mga nonprofit na negosyong hindi nakarehistro bilang 501(c)(3), 501(c)(6), o 501(c)(19).
  - iii. Mga entidad ng gobyerno (maliban sa mga Katutubong Amerikano na tribo) o mga tanggapan ng hinalal na mga opisyal.
  - iv. Mga negosyong pangunahing nagsasagawa ng mga aktibidad pampolitika o paglo-lobby, di alintana kung nakarehistro ang entidad bilang 501(c)(3), 501(c)(6), o 501(c)(19).
  - v. Mga passive na negosyo, mga kumpanya sa pamumuhunan, at investor na nag-file ng Schedule E sa kanilang mga tax return.

# MGA HINDI KWALIPIKADONG NEGOSYO

vi. Mga pinansyal na institusyon o negosyong pangunahing nasa negosyo ng pagpapautang, tulad ng mga bangko, kumpanya sa pananalapi, at factoring company.

vii. Mga negosyong nagsasagawa ng anumang aktibidad na hindi legal sa ilalim ng batas ng pederal, estado, o lokal

viii. Mga negosyong naghihigpit sa pagtangkilik para sa anumang dahilan maliban sa kapasidad

ix. Mga speculative na negosyo.

x. Mga negosyo na may sinumang nagmamay-ari na higit sa 10 porsyento ng equity interest nito na nakakatugon sa isa o higit pa sa sumusunod na mga pamantayan:

1. Ang may-ari ay, sa loob ng naunang tatlong taon, nahatulan ng o nagkaroon ng paghatol na sibil laban sa sa may-ari, o nagsimula ng anumang uri ng parole o probation, kasama ang probation bago ang paghatol, para sa paggawa ng panlilinlang o isang kriminal na paglabag kaugnay ng pagkuha, pagsubok na makakuha, o pagsagawa ng pampublikong transaksyon o kontrata sa ilalim ng pampublikong transaksyon sa pederal, estado, o lokal, paglabag ng mga batas sa antitrust o procurement sa pederal o estado o pagsagawa ng paglulustay, pagnanakaw, pamemeke, panunuhol, palsipikasyon o pagsira ng mga record, paggawa ng hindi totoong mga pahayag, o pagtanggap ng ninakaw na pag-aari.
2. Kasalukuyang kinasuhan ang may-ari para sa, o kriminal o sibil na kinasuhan ng pederal, estado, o lokal na entidad ng gobyerno, ng pagsagawa ng anuman sa mga paglabag na binanggit sa itaas.

# MGA HINDI KWALIPIKADONG NEGOSYO

xi. Mga kaakibat na kumpanya, tulad ng tinukoy sa Seksyon 121.103 ng Title 13 ng Kodigo ng mga Pederal na Regulasyon

xii. Mga negosyong may katangiang malaswa at sekswal kabilang ang mga negosyo na nagtatanghal ng mga live performance na may katangiang malaswa at sekswal at mga negosyong nakukuha nang direkta o hindi direkta ang kanilang de minimis na kabuuang kita sa pamamagitan ng pagbebenta ng mga produkto o serbisyo, o presentasyon ng anumang paglalarawan o pagpapakita, na may katangiang malaswa at sekswal

xiii. Mga negosyong nagsasagawa ng anumang aktibidad na hindi kanais-nais sa lipunan o aktibidad na maaaring ituring na may katangiang predatoryo tulad ng mga negosyong rent-to-own at pag-encash ng tseke.

xiv. Mga simbahan at iba pang institusyong panrelihiyon (hindi alintana kung ang mga naturang entidad ay nagkakwalipika bilang 501(c)(3), 501(c)(6) o 501(c)(19)), maliban sa paaralan, pangangalaga ng bata, o iba pang kaakibat na negosyong pang-edukasyon kung saan (i) nakukuha ang higit sa 50% ng kabuuang taunang kita (gross annual revenue) mula sa paaralan, pasilidad para sa pangangalaga ng bata o negosyong pang-edukasyon at (ii) gagamitin lang ang kaloob para sa mga kwalipikadong gastusin na direktang nauugnay sa paaralan, pangangalaga ng bata, o iba pang negosyong pang-edukasyon, at walang bahagi ng kaloob ang gagamitin para sa anumang normal na tubo o gastos sa pangangasiwa ng pagpapatakbo ng simbahan o iba pang institusyong panrelihiyon

Ang mga may-ari ng maraming entidad ng negosyo, prangkisa, lokasyon, kaakibat, atbp. ay **hindi** kwalipikado para sa maraming kaloob at pinahihintulutan lang na mag-apply **nang isang beses** gamit ang kwalipikadong independiyenteng live venue na may pinakamataas na kita

# MGA KWALIPIKADONG PAGGAMIT NG PONDO

Ang mga perang kaloob na iginawad sa ilalim ng seksyong ito ay gagamitin lang para sa mga gastusing nagreresulta sa pandemyang COVID-19 at nauugnay na mga paghihigpit sa kalusugan at kaligtasan, o mga pagkagambala sa negosyo o pagsasara bilang resulta ng pandemyang COVID-19, kabilang ang sumusunod:

- Mga gastusin para sa empleyado, kasama ang mga pansahod, benepisyo sa pangangalagang pangkalusugan, bayad na sick leave, medical leave, o family leave, at mga premium ng insurance.

- Working capital at overhead, kabilang ang upa, bayad sa kuryente, tubig, atbp., mortgage principal, at bayad sa interes sa utang, ngunit hindi kasama ang mga prepayment sa mortgage, at mga kailangang bayarang utang, kasama ang principal at interes, na natamo bago ng Marso 1, 2020.

- Mga gastusing nauugnay sa muling pagbubukas ng negosyo pagkatapos na maging ganap o bahagyang sarado dahil sa inatas ng estado na mga paghihigpit sa kalusugan at kaligtasan at pagsasara ng negosyo dulot ng COVID-19.

- Mga gastusing nauugnay sa pagtalima sa mga patnubay ng pederal, estado, lokal tungkol sa COVID-19 para sa muling pagbubukas nang may mga kinakailangang protokol sa kaligtasan, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga kagamitan, plexiglass barrier, kainan sa labas, personal na pamproteksyong kagamitan (personal protective equipment, PPE), pag-test, at mga gastusin sa pagsasanay sa mga empleyado.

- Anumang iba pang gastusin na nauugnay sa COVID-19 na hindi pa saklaw sa pamamagitan ng mga kaloob, mapapatawad na pautang, o iba pang mga kaginhawahan sa pamamagitan ng mga programa ng pederal, estado, county, o lungsod.

- Anumang iba pang gastusin na nauugnay sa COVID-19 na hindi mga gastusin sa human resource para sa parte ng estado sa Medicaid, mga bonus sa empleyado, severance pay, mga buwis, legal settlement, personal na gastusin, o iba pang mga gastusing hindi nauugnay sa mga epekto ng COVID-19, mga pagsasaayos ng mga sira na saklaw na ng insurance, o reimbursement sa mga donor para sa mga donated na gamit o serbisyo.

# MGA PRIYORIDAD NG PROGRAMA

Ang mga kaloob sa mga kwalipikadong independiyenteng live event ay bibigyang priyoridad sa nakadokumentong pagbaba ng percentage gross earned revenue batay sa panahon ng pag-uulat na nagkukumpara sa California gross earned revenue noong Q2, Q3, **at** Q4 ng 2020 **at** California gross earned revenue noong Q2, Q3, **at** Q4 ng 2019.

# KINAKAILANGANG DOKUMENTASYON

Ang lahat ng sumusunod na dokumento ay kinakailangan at dapat i-upload sa Portal:

1. **Sertipikasyon ng Pag-apply (PDF)**
   Nakumpleto at pinirmahan upang sertipikahin nang sarili ang pagiging totoo at katumpakan ng impormasyong inyong ibinibigay sa web application at mga sumusuportang dokumento.

2. **Mga Pananalapi ng Negosyo (PDF)**
   - Lahat ng pahina ng 2019 federal tax returns ng negosyo
   - Lahat ng pahina ng 2019 California tax returns ng negosyo
   - Lahat ng pahina ng 2020 federal tax returns ng negosyo
   - Lahat ng pahina ng 2020 California tax returns ng negosyo

3. **ID na Inisyu ng Gobyerno (PDF o JPEG)**
   Lisensya sa Pagmamaneho o Pasaporte (Hindi tatanggapin ang mga ID na wala nang bisa)

4. **Pansamantalang mga Ulat ng Pananalapi (PDF)**
   - Mga pansamantalang ulat ng pananalapi na sumasaklaw sa Q2, Q3 at Q4 para sa 2019
   - Mga pansamantalang ulat ng pananalapi na sumasaklaw sa Q2, Q3 at Q4 para sa 2020

5. **Opisyal na pag-file sa Kalihim ng Estado ng California** (na dapat aktibo) o lokal na munisipalidad, kung naaangkop, para sa inyong negosyo tulad ng isa sa mga sumusunod **(PDF)**:
   - Articles of Incorporation
   - Certificate of Organization
   - Fictitious Name of Registration
   - Lisensya ng Negosyo na Inisyu ng Gobyerno (mga sole proprietor na walang fictitious name)

6. **Mga Nonprofit Lang: Pinakakamakailang IRS Tax Exemption Letter (PDF)**

7. **TANDAAN: Dapat magbigay ng pag-file sa Kalihim ng Estado ng California na nagpapatunay na legal na nagsasagawa ng negosyo ang negosyo sa Estado ng California bago ng Hunyo 1, 2019.**

# PAANO KUMPLETUHIN ANG SERTIPIKASYON NG PAG-APPLY

# SERTIPIKASYON NG PAG-APPLY

Bilang bahagi ng proseso ng pag-apply, kakailanganin ninyong sertipikahin nang sarili ang pagiging totoo at katumpakan ng impormasyong ibinibigay ninyo sa web application at mga sumusuportang dokumento sa pamamagitan ng pagpirma ng Sertipikaskyon ng Pag-apply.

Makukuha nang elektroniko ang Sertipikasyon ng Pag-apply na mada-download ninyo para makumpleto. Kinakailangang dokumento ang isang pirmadong Sertipikasyon ng Pag-apply sa prosesong ito ng kaloob at kakailanganing ma-upload sa Portal.

Maaari ninyong kumpletuhin ang Sertipikasyon ng Pag-apply sa dalawang paraan:

1. I-download at pirmahan ang sertipiko nang elektroniko o
2. I-print at kumpletuhin ang form nang manu-mano.

SERTIPIKASYON NG APLIKANTENG **FOR-PROFIT**


**MAG-CLICK DITO PARA I-DOWNLOAD**


SERTIPIKASYON NG APLIKANTENG **NONPROFIT**

**MAG-CLICK DITO PARA I-DOWNLOAD**


# SERTIPIKASYON NG PAG-APPLY

## NEGOSYONG FOR-PROFIT
















## ORGANISASYONG NONPROFIT











# PAANO KUMPLETUHIN ANG FORM NANG ELEKTRONIKO

## IKA-1 HAKBANG

I-click ang icon na i-download ⬇ para i-download at i-save ang Sertipikasyon ng Application sa inyong device.



1 I-download.



2 I-save.


## IKA-2 HAKBANG

Hanapin ang Sertipikasyon ng Pag-apply sa inyong device at buksan ang file mula roon. Magbubukas ang inyong Sertipikasyon ng Pag-apply bilang isang PDF file.



## IKA-3 HAKBANG

Kumpletuhin ang Sertipikasyon ng Pag-apply sa pamamagitan ng paglalagay ng inyong initials kasunod ng lahat ng may bilang na item at pagkatapos, paglalagay ng inyong pirma at impormasyon sa negosyo sa huling pahina.



## IKA-4 NA HAKBANG

Pagkatapos kumpletuhin ang Sertipikasyon ng Pag-apply, i-save itong muli sa pamamagitan ng pagpunta sa File > I-save o pagpindot ng CTRL+S sa inyong keyboard upang i-save ang inyong ganap na pinirmahang Sertipikasyon ng Pag-apply.


## IKA-5 HAKBANG

I-upload ang nakumpletong Sertipikasyon ng Pag-apply sa Portal sa panahon ng proseso ng pag-apply.

# PAANO KUMPLETUHIN ANG FORM NANG SULAT-KAMAY

## IKA-1 HAKBANG

I-print ang Sertipikasyon ng Pag-apply sa pamamagitan ng pag-click sa icon ng printer




CALIFORNIA SMALL BUSINESS COVID-19 RELIEF GRANT PROGRAM

Applicant Certifications

In connection with the California Small Business COVID-19 Relief Grant Program (the "Program") funded by the State of California (the "State") and administered by the California Office of the Small Business Advocate ("CalOSBA") within the Governor's Office of Business and Economic Development ("GO-Biz") the undersigned, constituting an authorized representative of the below-referenced applicant business (the "Applicant"), acknowledges and agrees, on behalf of the Applicant, that the State, CalOSBA, GO-Biz and B.S.D. Capital, Inc. dba Lendistry ("Lendistry"), as the designated intermediary of the Program, each may rely on the below certifications in determining the Applicant's eligibility for the Program and receipt of a grant under the Program.

The undersigned further acknowledges and agrees that if (i) any of the following certifications are untrue, (ii) the Applicant knowingly makes any false or misleading statement or material omission in the information or materials required or requested from the Applicant, or (iii) the Applicant uses any grant funds for any unauthorized purpose, the State, CalOSBA, GO-Biz and/or Lendistry may require the Applicant to repay such grant funds or take any other legal or equitable recourse available, including, without limitation, by seeking remedies for fraud.

**By executing this document, the Applicant hereby certifies to all of the following (please initial next to each of the certifications below):**

___ 1. The undersigned signatory is a duly authorized representative and owner of the Applicant and has full authority to make the certifications referenced herein on the Applicant's behalf.

___ 2. The Applicant is currently an active business operating since at least June 1, 2019. The Applicant is currently operating or has a clear plan to re-open once the State of California permits re-opening of the business. The Applicant acknowledges and agrees that if the Applicant receives a grant and the Applicant's business ceases to operate, the Applicant may be subject to return of all or any portion of such grant.

___ 3. The Applicant has a principal office in the State of California and, subject to the certification made in (2), above, is presently operating in the State of California.

___ 4. The Applicant's business has been adversely impacted by COVID-19 and the health and safety restrictions have resulted in business interruptions, business closures, or similar impacts incurred as a

## IKA-2 HAKBANG

Sagutan ang Sertipikasyon ng Pag-apply gamit ang malinaw na panulat at nababasang sulat-kamay.

## IKA-3 HAKBANG

I-scan ang nakumpletong Sertipikasyon ng Pag-apply at i-upload ito sa Portal.

# MGA HALIMBAWA NG DOKUMENTASYON

# HALIMBAWA: MGA FEDERAL TAX RETURN

## NEGOSYONG FOR-PROFIT


Form 1120



Form 1065




Form 1040




2019


Form 1120



Form 1065




Form 1040





2020

## ORGANISASYONG NONPROFIT




2019





2020


# HALIMBAWA: MGA CALIFORNIA TAX RETURN

## NEGOSYONG FOR-PROFIT


Form 100



Form 565




Form 540




2019


Form 100



Form 565




Form 540




2020

## ORGANISASYONG NONPROFIT


Form 199



RRF-1




CT-TR-1




2019


Form 199



RRF-1



CT-TR-1



2020

# HALIMBAWA: ID NA INISYU NG GOBYERNO




PASAPORTE NG ESTADOS UNIDOS




RESIDENT PERMANENT ALIEN CARD





LISENSYA SA PAGMAMANEHO

**<u>HINDI</u>** tatanggapin ang sumusunod na mga form ng ID:

- Mga ID na wala nang bisa
- Mga Pass ng Bus
- Mga ID ng Paaralan
- Mga ID ng Unyon
- Mga Badge sa Trabaho
- Mga Library Card

# HALIMBAWA: OPISYAL NA PAG-FILE SA KALIHIM NG ESTADO NG CALIFORNIA O LOKAL NA MUNISIPALIDAD


ARTICLES OF INCORPORATION
OF

FILED
Secretary of State
State of California
MAR 1 6 2015

ARTICLE I

The name of this corporation

ARTICLE II

A. This Corporation is a nonprofit public benefit corporation and is not organized for the private gain of any person. It is organized under the Nonprofit Public Benefit Corporation Law for public and charitable purposes. The specific purpose of this Corporation is to manage, operate, guide, direct and promote the Corporation.

B. This Corporation is organized and operated exclusively for educational and charitable purposes pursuant to and within the meaning of Section 501(c)(3) of the Internal Revenue Code of 1986, as amended (the "Code" or "I.R.C."), or the corresponding provision of any future United States Internal Revenue law. Notwithstanding any other provision of these articles, the Corporation shall not, except to an insubstantial degree, engage in other activities or exercise of power that do not further the purpose of the Corporation. The Corporation shall not carry on any or other activities not permitted to be carried on by: (i) a corporation exempt from federal income tax under Section 501(c)(3) of the Code, or the corresponding section of any future federal tax code; or (ii) by a corporation, contributions of which are deductible under Section 170(c)(2) of the Code, or the corresponding section of any future federal tax code.

ARTICLE III

The name and address in the State of California of this Corporation's initial agent for service of process is: Registered Agents Inc.


ARTICLE IV

The initial street address of the corporation is:

The initial mailing address of the corporation is:

ARTICLES OF INCORPORATION PAGE 1 OF 3

ARTICLES OF INCORPORATION


State of California
Bill Jones
Secretary of State

LIMITED LIABILITY COMPANY
ARTICLES OF ORGANIZATION

A $70.00 filing fee must accompany this form.
IMPORTANT – Read instructions before completing this form.

FILED
In the Office of the Secretary of State of the State of California
AUG 2 8 2002
BILL JONES, Secretary of State

This Space For Filing Use Only


1. Name of the limited liability company
2. The purpose of the limited liability company is to engage in any lawful act or activity for which a limited liability company may be organized under the Beverly-Killea limited liability company act.
3. Name the agent for service of process and check the appropriate provision below:
4. If an individual, California address of the agent for service of process:
5. The limited liability company will be managed by: (check one)
6. Other matters to be included in this certificate may be set forth on separate attached pages and are made a part of this certificate.
7. Number of pages attached, if any:
8. Type of business of the limited liability company. (For informational purposes only)
9. DECLARATION: It is hereby declared that I am the person who executed this instrument, which execution is my act and deed.

Signature of Organizer
Type or Print Name of Organizer
Date

10. RETURN TO:
NAME
FIRM
ADDRESS
CITY/STATE
ZIP CODE

SEC/STATE (REV. 12/99)
FORM LLC-1 – FILING FEE $70.00
Approved by Secretary of State

CERTIFICATE OF ORGANIZATION



THIS STATEMENT IS A PUBLIC RECORD
San Francisco County Clerk
City Hall, Room 168
San Francisco, CA 94102-4678

FILING STAMP ONLY

Any alterations, deletions, or other format to this two-page form will not be accepted for filing by the Office of the SF County Clerk.

FICTITIOUS BUSINESS NAME STATEMENT

FICTITIOUS NAME OF REGISTRATION


CITY OF LONG BEACH, CALIFORNIA
BUSINESS LICENSE
OWNERSHIP NON-TRANSFERABLE

PREPARED: 11/06/2018
P120

THE LICENSEE NAMED BELOW IS AUTHORIZED TO OPERATE THE FOLLOWING:

ACCOUNT NUMBER:
OWNER: ACTION INVESTIGATORS
LOCATED AT: 3860 CHERRY AVE
BUSINESS TYPE: BUSINESS OFFICE
DBA NAME: ACTION AUTO RECOVERY
PRODUCT: BUSINESS

AUTHORIZED BY: JOHN GROSS
DIRECTOR OF FINANCIAL MANAGEMENT

LISENSYA NG NEGOSYO NA INISYU NG GOBYERNO

Para sa mga Sole Proprietor na walang Fictitious Name

# HALIMBAWA: TAX EXEMPTION LETTER (MGA NONPROFIT LANG)

INTERNAL REVENUE SERVICE
P. O. BOX 2508
CINCINNATI, OH 45201

DEPARTMENT OF THE TREASURY

Date: SEP 26 2016

Dear Applicant:

We're pleased to tell you we determined you're exempt from federal income tax under Internal Revenue Code (IRC) Section 501(c)(3). Donors can deduct contributions they make to you under IRC Section 170. You're also qualified to receive tax deductible bequests, devises, transfers or gifts under Section 2055, 2106, or 2522. This letter could help resolve questions on your exempt status. Please keep it for your records.

Organizations exempt under IRC Section 501(c)(3) are further classified as either public charities or private foundations. We determined you're a public charity under the IRC Section listed at the top of this letter.

If we indicated at the top of this letter that you're required to file Form 990/990-EZ/990-N, our records show you're required to file an annual information return (Form 990 or Form 990-EZ) or electronic notice (Form 990-N, the e-Postcard). If you don't file a required return or notice for three consecutive years, your exempt status will be automatically revoked.

If we indicated at the top of this letter that an addendum applies, the enclosed addendum is an integral part of this letter.

For important information about your responsibilities as a tax-exempt organization, go to www.irs.gov/charities. Enter "4221-PC" in the search bar to view Publication 4221-PC, Compliance Guide for 501(c)(3) Public Charities, which describes your recordkeeping, reporting, and disclosure requirements.

# MGA TIP SA PAG-APPLY

TIP #1

# GAMITIN ANG GOOGLE CHROME

**Para sa pinakamahusay na karanasan ng user, gamitin ang Google Chrome sa buong panahon ng proseso ng pag-apply.**

Maaaring hindi suportahan ng iba pang web browser ang aming interface at maaaring magdulot ng error sa inyong application.

Kung wala kayong Google Chrome sa inyong device, maaari ninyong i-download ito nang libre sa https://www.google.com/chrome/

Bago ninyo simulan ang application, gawin ang sumusunod sa Google Chrome:

1. **I-clear ang Inyong Cache**
2. **Gumamit ng Incognito Mode**
3. **I-disable ang Pop-Up Blocker**

## NAKA-CACHE NA DATA

Ang naka-cache na data ay impormasyong naimbak mula sa dating ginamit na website o application at pangunahing ginagamit para mapabilis ang proseso ng pag-browse sa pamamagitan ng awtomatikong paglalagay ng inyong impormasyon. Gayunpaman, maaari ding kabilang sa naka-cache na data ang hindi napapanahong impormasyon tulad ng mga lumang password o impormasyon na dati ninyong ipinasok nang hindi tama. Maaari itong makalikha ng mga error sa inyong application at maaaring magresulta na ma-flag ito para sa maaaring panlilinlang.

## INCOGNITO MODE

Pinahihintulutan kayo ng incognito mode na magpasok ng impormasyon nang pribado at pinipigilang matandaan o ma-cache ang inyong data.


## POP-UP BLOCKER

Kabilang sa aming application ang maraming pop-up na mensahe na ginagamit para kumpirmahin ang katumpakan ng impormasyong ibinibigay ninyo. Dapat ninyong i-disable ang pop-up blocker sa Google Chrome upang makita ang mga mensaheng ito.

# PAANO I-CLEAR ANG INYONG CACHE


## IKA-1 HAKBANG

Magbukas ng bagong window ng Google Chrome, i-click ang tatlong tuldok sa kanang itaas na sulok, at pagkatapos ay pumunta sa “**Mga Setting**”.





## IKA-2 HAKBANG

Pumunta sa “**Privacy at Seguridad**”, at pagkatapos, piliin ang “**I-clear ang Browsing Data**”.




## IKA-3 HAKBANG


Piliin ang “**I-clear ang Data**”.



# PAANO I-ENABLE ANG INCOGNITO MODE

## IKA-1 HAKBANG


I-click ang tatlong tuldok sa kanang itaas na sulok ng inyong web browser, at pagkatapos, piliin ang “**Bagong incognito window**.” Magbubukas ang inyong browser ng bagong window.



# PAANO I-DISABLE ANG POP-UP BLOCKER


## IKA-1 HAKBANG

Magbukas ng bagong window ng Google Chrome, i-click ang tatlong tuldok sa kanang itaas na sulok, at pagkatapos ay pumunta sa "**Mga Setting**".





## IKA-2 HAKBANG


Pumunta sa "**Privacy at Seguridad**", at pagkatapos, piliin ang "**Mga Setting ng Site**".




## IKA-3 HAKBANG

Piliin ang "**Pop-up at mga Redirect**". I-click ang button para maging asul ito at magbabago ang status mula "**Naka-block**" at magiging "**Pinahihintulutan**".



TIP #2

# IHANDA ANG INYONG MGA DOKUMENTO

**Upang maisumite ninyo ang inyong application, dapat na-upload ang lahat ng kinakailangang dokumento sa Portal.**

Dapat malinaw, nakatuwid, at walang nakagagambalang background ang mga dokumento kapag na-upload sa Portal.

**Mahahalagang Tatandaan para sa Pag-upload ng mga Dokumento:**

- Dapat isumite ang lahat ng dokumento sa **PDF format** Dapat isumite ang lahat ng dokumento sa PDF format. Maaaring i-upload ang ID ninyo na inisyu ng gobyerno bilang JPEG o PDF. Dapat mas maliit sa 15MB ang laki ng file.
- HINDI MAAARING maglaman ng anumang espesyal na character (!@#$%^&*()_+) ang pangalan ng file.
- Kung protektado ng password ang inyong file, kakailanganin ninyong ilagay ito.

## HALIMBAWA




**Tama:**
Malinaw ang dokumento at nakatuwid.







**Hindi tama:**

1. Hindi nakatuwid ang dokumento.
2. Ang dokumento ay nasa harap ng window (magulong background) at may kamay na nakikita sa litrato.

## MGA APP NA PANG-SCAN SA MOBILE

Kung wala kang scanner, inirerekumenda namin ang paggamit ng sumusunod na libreng mobile app:

**Genius Scan**
Apple | Mag-click Dito para I-download
Android | Mag-click Dito para I-download

**Adobe Scan**
Apple | Mag-click Dito para I-download
Android | Mag-click Dito para I-download

TIP #3

# GUMAMIT NG WASTONG EMAIL ADDRESS

**Tiyakin na gumagamit kayo ng isang wastong email address at nakabaybay ito nang tama sa application**. Ang mga update at karagdagang patnubay para sa inyong application ay ipapadala sa email address na ibibigay ninyo.

**HUWAG** magsumite ng bagong application kung gumamit kayo ng hindi tama o hindi wastong email address. **Ang pagsumite ng maraming application o paggamit ng hindi wastong email address ay matutukoy bilang potensyal na panlilinlang at makakagambala sa proseso ng pagsusuri para sa inyong application.**

Tawagan ang aming call center sa (888) 984-1173 para sa tulong.

## HINDI WASTONG MGA EMAIL ADDRESS

Ang mga sumusunod na email address **ay hindi** tatanggapin o kikilalanin sa aming system:

Mga email na *nagsisimula* sa **info@**
Halimbawa: info@mycompany.com

Mga email na *nagtatapos* sa **@contact.com** o **@noreply.com**
Halimbawa: mycompany@contact.com
Halimbawa: mycompany@noreply.com

TIP #4


# HANAPIN ANG INYONG NAICS CODE

Kakailanganin ninyong ilagay ang isang NAICS code sa panahon ng proseso ng pag-apply.

Upang maging kwalipikado para sa kaloob na ito, **dapat nasa isa sa mga sumusunod na NAICS Code ang inyong negosyo**:

- 711211: Mga Koponan at Club na Pang-sports.
- 711310: Mga Taga-promote ng mga Pagtatanghal (Performing Arts), Sports, at mga Katulad na Event na may mga Pasilidad.
- 711320: Mga Taga-promote ng mga Pagtatanghal (Performing Arts), Sports, at mga Katulad na Event na walang mga Pasilidad.
- 722410: Mga Lugar ng Inuman (Mga Inuming may Alak).
- 722511: Mga Full-Service na Restawran.

**Upang kumpirmahin ang inyong NAICS code, pumunta sa www.naics.com.**



TIP #5

# MAGHANAP NG PARTNER

Kasama sa mga partner ng Lendistry ang mga tagapagpautang na nakabatay sa misyon at tagapayo para sa mga maliliit na negosyo at mga tagapagkaloob ng teknikal na tulong na maaaring makatulong sa maliliit na negosyo sa proseso ng kanilang pag-apply, pag-upload ng mga dokumento, at marami pa.   Kabilang dito ang marami sa mga maliliit na business center na suportado ng Estado ng California na nagbibigay priyoridad sa pagpapalawak ng teknikal na tulong sa mga hindi gaanong napaglilingkurang grupo ng negosyo.

Maaari kayong pumili ng sinumang Partner na sa tingin ninyo ay pinakamahusay na naaangkop sa inyong mga pangangailangan, dahil sila rin ay makakapagbigay ng tulong pinansyal sa inyo, tulad ng mga pagpapautang sa working capital, pagpapautang para sa kagamitan, pati na rin teknikal na tulong para sa inyo at sa inyong negosyo.

**Pakitandaan na hindi makakaapekto ang inyong desisyon sa inyong mga tsansang makatanggap ng kaloob.**

## AMING MGA PARTNER

ACTORS' EQUITY ASSOCIATION 1913

CALIFORNIANS FOR THE ARTS

CalNonprofits CALIFORNIA ASSOCIATION OF NONPROFITS

NIVA NATIONAL INDEPENDENT VENUE ASSOCIATION

Upang malaman ang higit pa tungkol sa aming mga partner, bisitahin ang: https://cavenuesgrant.com/


# ANG PROSESO NG PAG-APPLY

# MAG-APPLY SA
# WWW.CAVENUESGRANT.COM

Upang mag-apply para sa isang kaloob, bisitahin ang **www.cavenuesgrant.com** at i-click ang "**Mag-apply Na Ngayon**". Muli kayong dadalhin sa application Portal.

Naglalaman din ang aming website ng iba't ibang mapagkukunan para matulungang gabayan kayo sa buong proseso ng pag-apply. Kabilang sa mga mapagkukunan ang:

- **Mga Patnubay para sa Programa**
- **Gabay sa Programa at Pag-apply**
- **Pag-download ng Sertipikasyon ng Pag-apply**
- **Numero at Oras ng Call Center**
- **Listahan ng Aming mga Partner**
- **Naka-iskedyul na mga Webinar mula sa mga Parnter (bukas sa lahat ng aplikante)**
- **MGA MADALAS ITANONG: Mga Video-on-Demand**




# GUMAWA NG BAGONG
# PORTAL ACCOUNT


Kinakailangang magkumpleto ang lahat ng kwalipikadong aplikante ng **isang bago at hiwalay na application** para sa California Venues Grant Program kahit na nagsumite na sila ng application para sa California Small Business COVID-19 Relief Grant Program.

1. Upang magsimula ng bagong application, kakailanganin ninyong gumawa ng bagong Portal Account. I-click ang "**Simulan ang Application**" upang simulan ang prosesong ito.


2. Irehistro ang inyong email address at numero ng telepono. Ang email at password na gagamitin ninyo rito ang gagamitin ninyo **para mag-login sa Portal**, kaya napakahalagang tandaan ninyo ang mga ito. Kakailanganin din ninyong maglagay ng **tunay at gumaganang numero ng cellphone** sa seksyon na ito.

3. Isang confirmation code ang ipapadala sa inyo sa pamamagitan ng SMS/Text, na kakailanganin ninyo upang makumpleto ang pagrehistro ng inyong account. Upang maprotektahan ang inyong privacy at ibinigay na impormasyon, kakailanganin din ninyo ng confirmation code sa tuwing magla-log in sa Portal. Maaaring malapat ang mga rate ng data at pagpapadala ng mensahe.




Irehistro ang inyong email at numero ng telepono.




Ilagay ang confirmation code.


IKA-1 SEKSYON:

# MGA DETALYE NG MAY-ARI

## ANONG IMPORMASYON ANG KAILANGAN?

- Pangalan
- Apelyido
- E-mail
- Address ng Tirahan
- Petsa ng Kapanganakan
- Social Security Number (SSN) o Indibidwal na Taxpayer Identification Number (ITIN)[1]
- Porsyento ng Pagmamay-ari
- Referral Partner[2]
- Mas Ninanais na Gamiting Numero ng Telepono
- Patakaran sa SMS/Text[3]

1. Kinakailangang tiyakin na wala sa listahan ng OFAC ang aplikante.
2. Ang pipiliin ninyong referral partner ay hindi makakaapekto sa inyong application.
3. Lagyan ng tsek ang kahon kung nais ninyong makatanggap ng mga update sa inyong application sa panahon ng proseso ng pagsusuri sa pamamagitan ng SMS/Text.




IKA-2 SEKSYON:

# IMPORMASYON TUNGKOL SA

## ANONG IMPORMASYON ANG KAILANGAN?

- Legal na Pangalan ng Negosyo
- Doing Business As/"DBA" (kung naaangkop)
- EIN (o SSN para sa mga sole prop lang) ng Negosyo
- Address ng Negosyo
- Numero ng Negosyo
- Uri ng Negosyo (For-Profit o Nonprofit)
- Uri ng Entidad ng Negosyo
- Estado Kung Saan Inirehistro ang Kumpanya
- Petsa ng Pagsisimula ng Negosyo
- Website ng Negosyo (kung naaangkop)

Tandaan: Para sa layunin ng aming web application, ang "negosyo" ay tumutukoy sa isang for-profit na negosyo o nonprofit na organisasyon.




# IKA-3 SEKSYON:
# IMPORMASYON TUNGKOL SA

## ANONG IMPORMASYON ANG KAILANGAN?

- Layunin ng Kaloob
- Hinihiling na Halaga **(Tandaan: Maaaring iba ang halagang naaprubahan sa halagang hinihiling mo.)**
- Makakapaglikha ba ang Kaloob na ito ng mga bagong trabaho?
- Taunang Kita para sa 2019 (dapat tumugma ito sa inyong mga tax return)
- # ng mga Full-Time na Empleyado
- # ng mga Part-Time na Empleyado
- # ng mga Trabahong Nalikha
- # ng mga Napanatiling Trabaho

Tandaan: Para sa layunin ng aming web application, ang "negosyo" ay tumutukoy sa isang for-profit na negosyo o nonprofit na organisasyon.




IKA-4 NA SEKSYON:

# DEMOGRAPIKO

## ANONG IMPORMASYON ANG KAILANGAN?

- Sino ang inyong customer base?
  1. **B2B:** Busines to Business
  2. **B2C:** Business to Consumer
- Ano ang ginagawa ng inyong negosyo?
- Anong uri ng negosyo ito?
- NAICS Code
- Pagmamay-ari ng mga Babae? (Oo o Hindi)*
- Pagmamay-ari ng mga Beterano? (Oo o Hindi)*
- Pagmamay-ari ng mga May Kapansanan? (Oo o Hindi)*
- Lahi ng Aplikante*
- Etnisidad ng Aplikante*
- Prangkisa? (Oo o Hindi)*
- Nasa Kanayunan? (Oo o Hindi)*

*Hindi makakaapekto ang tugon sa pagiging kwalipikado.




IKA-5 SEKSYON:

# MGA PAGSISIWALAT

## ANONG IMPORMASYON ANG KAILANGAN?

- Ang mga tanong sa pagsisiwalat ay makakatulong sa amin na tukuyin ang inyong pagiging kwalipikado. Kumpletuhin ang lahat ng tanong.



IKA-6 NA SEKSYON:


# MGA PANANALAPI

## ANO ANG KINAKAILANGANG IMPORMASYON NINYO SA PANANALAPI?

Gumagamit ang Lendistry ng teknolohiya (Plaid) ng ikatlong partido upang i-set up ang mga ACH transfer sa pamamagitan ng pagkonekta ng mga account mula sa anumang bangko o credit union sa U.S. papunta sa app tulad ng Portal ng Lendistry. Hindi ibinabahagi ng ikatlong partido ang inyong personal na impormasyon nang walang pahintulot ninyo at hindi ito binebenta o pinauupahan sa mga kumpanya sa labas. Ginagamit lang ng Lendistry ang teknolohiyang ito para beripikahin ang inyong mga bank statement. Mas ninanais ang paraang ito ng pagbeberipika ng bangko pero hindi laging gagana kung hindi available ang inyong institusyon sa pagbabangko sa pamamagitan ng tagapagkaloob. Sa kasong ito, mabeberipika ninyo ang inyong bank account gamit ang iba pang paraan ng pagpapatuloy.

## MAHALAGANG TANDAAN

**Ang lahat ng aplikante**, maliban sa mga sole proprietor, ay kinakailangang gumamit ng **business banking account**. Maaaring gumamit ang mga sole proprietor ng personal banking account, pero dapat magtugma ito sa pangalan na nakalista sa application.





1





Magpatuloy sa Plaid.

2





Hanapin ang inyong institusyon ng pagbabangko.

3




Mag-sign in sa inyong online banking account.

4





Kumpirmahin ang pahintulot.

# IKA-7 SEKSYON:


# I-UPLOAD ANG MGA DOKUMENTO

## ANONG IMPORMASYON ANG KAILANGAN?

- Piliin ang icon na i-upload ↑ upang hanapin ang file ng dokumento sa inyong device.
- Kung protektado ng password ang file, piliin ang OO mula sa dropdown menu na, “**Protektado ng Password?**”, at ipasok ang password ng file. Kung hindi protektado ng password ang file, piliin ang HINDI.





Pinili ang OO kung protektado ng password ang file.




Pinili ang HINDI kung walang password ang file.

- Dapat mabago ang status mula ⚠ “**Hiniling**” at maging ⌛ “**Naisumite**”.
- Ulitin ang mga hakbang sa itaas hanggang sa ma-upload ang lahat ng dokumento. Tandaan: Kinakailangan lang ang isang Tax Exemption Letter para sa mga nonprofit.



SURIIN ANG INYONG

# APPLICATION BAGO ISUMITE


Sa sandaling makumpleto ninyo ang lahat ng seksyon ng web application **<u>at</u>** na-upload ang mga kinakailangang dokumento, masusuri ninyo ang inyong mga tugon bago isumite ang inyong application.

1. Kung kailangan ninyong i-edit ang inyong application, i-click ang "**Mayroon akong mga ie-edit**" at itama ang mga mali.

2. Basahin ang **Mga Tuntunin at Kondisyon** at lagyan ng tsek ang kahon para sumang-ayon.

3. Kung nais ninyong suriin at isumite ang inyong application sa ibang oras, i-click ang "**I-save at bumalik mamaya**". Maaari kayong mag-sign in sa Portal anumang oras upang pamahalaan ang inyong application. Sa Portal, maisusumite ninyo ang isang hindi tapos na application, maa-upload ang mga dokumento, maili-link ang impormasyon ng inyong bangko, at matitingnan ang mga update sa status.

4. Pagkatapos ninyong suriin ang inyong application at nakumpirma na ang lahat ng impormasyong ibinigay ninyo ay tumpak at totoo, i-click ang "**Tama ang lahat, Isumite ang Application**" upang isumite ang inyong application. **<u>Sa sandaling maisumite ninyo ang inyong application, HINDI na ninyo mae-edit ang inyong mga tugon.</u>**




**Mahalagang Tandaan: Hindi ninyo maisusumite ang inyong application hanggang sa makumpleto ang lahat ng seksyon *<u>at</u>* na-upload ang lahat ng kinakailangang dokumento. Ang mga hindi naisumiteng application <u>ay hindi</u> tutuloy sa susunod na yugto at <u>hindi</u> sasailalim sa paunang pagsusuri para sa pagiging kwalipikado sa Programa.**

# STATUS NG APPLICATION

## ANO ANG IBIG SABIHIN NG MGA ITO AT ANO ANG DAPAT NINYONG GAWIN

# MGA STATUS NG APPLICATION SA MGA PORTAL

Anumang oras sa proseso ng pag-apply, makakapaglog-in kayo sa inyong Portal account upang hanapin ang status ng inyong application. Sa sandaling makapag-sign in, makikita ang status ng inyong application sa dashboard.

Ang status ng inyong application ay tinutukoy ng team sa pagpapatunay ng Lendistry batay sa inyong web application at mga inupload ninyong kinakailangang dokumento. Ang aming call center ay **walang** kakayahang patunayan ang inyong application at hindi nila mababago ang inyong status.

## HINDI KUMPLETO

**Ang ibig sabihin nito:** Sinimulan ninyo ang isang online application pero hindi kinumpleto ito.
**Ang dapat ninyong gawin:** Mag-sign in sa Portal at kumpletuhin ang lahat ng field sa application. Dapat ninyong isumite ang isang tapos na application upang maisaalang-alang para sa kaloob.

## HINIHINTAY ANG PROSESO NG PAGPILI

**Ang ibig sabihin nito:** Nagsumite kayo ng isang kumpletong application at kasalukuyan itong sinusuri para sa pagiging kwalipikado.
**Ang dapat ninyong gawin:** Tingnan ang inyong email para sa notipikasyon tungkol sa desisyon sa pagpili. Maaari kayong napili, na-waitlist, o hindi napili para tumuloy sa proseso ng application.

## KASALUKUYANG SINUSURI, NAGHIHINTAY NG MGA PAGPAPATUNAY

**Ang ibig sabihin nito:** Natutugunan ninyo ang minimum na kinakailangan ng programa para maging kwalipikado at napiling sumulong sa proseso ng application. Hindi ginagarantiya ng pagkakapili ang pagpopondo. Papadalhan kayo ng email o tatawagan ng Lendistry para sa mga update tungkol sa inyong application.
**Ang dapat ninyong gawin:** I-upload ang lahat ng kinakailangang dokumento sa PDF format at bantayan ang email para sa mga update at/o kahilingan sa pag-follow up (huwag kalimutang tingnan ang inyong spam at trash folder).

## HINDI NAPILI

**Ang ibig sabihin nito:** Hindi ninyo natutugunan ang minimum na kinakailangan ng programa sa pagiging kwalipikado at nadiskwalipika ang inyong application.
**Ang dapat ninyong gawin:** Kung sa tingin ninyo na maling nadiskwalipika ang inyong application, makipag-ugnayan sa aming Call Center para sa tulong.

## HINDI AKTIBO

**Ang ibig sabihin nito:** Sinimulan ninyo ang application pero nabigong kumpletuhin ito at i-upload ang lahat ng kinakailangang dokumento sa loob ng 60 araw. Itinuring na hindi aktibo ang inyong application at hindi na susuriin.
**Ang dapat ninyong gawin:** Kung nais ninyong magpatuloy sa proseso ng application, makipag-ugnay sa Call Center para muling i-activate ang inyong application.